

Madalas na Tinatanong Tungkol sa Tulong sa Kalamidad ng FEMA

Release Date: Aug 26, 2023

Ang mga residente ng Maui na naapektuhan ng mga song sa kagubatan(wildfire) na nagsimula noong Agosto 8 ay maaaring nagtataka tungkol sa kanilang pagiging karapat-dapat para sa tulong sa kalamidad ng FEMA. Narito ang mga sagot sa ilan sa madalas ninyong tinatanong:

T: Kung nakatanggap ako ng tulong mula sa American Red Cross o ibang boluntaryong ahensya pagkatapos ng mga sunog sa kagubatan(wildfire), karapat-dapat ba ako para sa tulong ng FEMA?

S: Kung nasira ang inyong tahanan o nagtamo ng malaking pinsala sa istruktura mula sa mga sunog sa kagubatan (wildfire), hinihikayat kayong mag-apply sa FEMA. Kahit na nakatanggap kayo ng tulong mula sa American Red Cross o iba pang boluntaryong ahensya, kakailanganin ninyong kumpletuhin ang aplikasyon ng FEMA upang maisaalang-alang para sa pederal na tulong sa kalamidad.

T: Ako ay nag-apply sa FEMA at sinabihan ako na hindi ako karapat-dapat para sa tulong. Ibig ba nitong sabihin na hindi ko na maaasahan ang anumang tulong mula sa FEMA?

S: Hindi. Maraming uri ng tulong na maaari kayong maging kwalipikado. Kung hindi kayo sigurado kung bakit napatunayang hindi kayo karapat-dapat para sa isang uri ng tulong ng FEMA, makipag-usap sa espesyalista sa **FEMA Helpline sa 800-621-3362**. Bago isulat ang inyong liham na humihiling sa FEMA na muling isaalang-alang ang pagpapasiya nito, maaari din ninyong bisitahin ang anumang bukas na Disaster Recovery Center. Matutulungan din kayo ng mga espesyalista doon na mag-upload ng mga dokumento sa inyong account. Upang makahanap ng sentrong malapit sa inyo, bisitahin ang [fema.gov/drc](https://www.fema.gov/drc).

T: Hindi natugunan ng aking insurance settlement ang lahat ng aking mga pangangailangan upang matulungan akong makabangon mula sa sakuna. Maaari ba akong mag-apply para sa karagdagang tulong mula sa FEMA?



FEMA

Page 1 of 5

S: Oo, maaari kayong mag-apply sa FEMA para sa karagdagang tulong. Kung natanggap ninyo ang pinaka-maximum na settlement mula sa inyong kompanya ng insurance at mayroon pa ring hindi natutugunan na mga pangangailangang nauugnay sa kalamidad, sumulat sa FEMA at ipaliwanag ang inyong mga pangangailangan. Isama rin ang mga dokumento ng settlement mula sa inyong kompanya ng insurance.

T: Maaari bang magkahiwalay na mag-file ng tulong sa FEMA ang maraming tao sa aking sambahayan?

S: Oo. Karaniwan nito ay, isang aplikasyon lamang ang maaaring isumite para sa bawat sambahayan. Gayunpaman, sa Hawaii, kung saan maraming henerasyon ng mga pamilya ang nakatira sa ilalim ng iisang bubong at maraming mga taong hindi magkamag-anak ay maaaring manirahan sa isang bahay ng isang pamilya, ang mga aplikante ay hinihikayat na sumulat sa FEMA upang ipaliwanag ang kanilang kalagayan sa pamumuhay kung ipinadala sa kanila ng FEMA ang maagang pagtukoy ng hindi pagiging karapat-dapat. Maaari ninyong ipaliwanag na ang nasira na tahanan ay inyong pangunahing tirahan (kung saan kayo naninirahan nang higit sa anim na buwan sa isang taon) ngunit ito ay isang hiwalay na sambahayan mula sa ibang aplikante na gumagamit ng parehong address. Tumawag sa **FEMA Helpline sa 800-621-3362** upang malaman kung anong mga dokumento ang kailangan ninyong isumite.

T: Nawalan ako ng mga kamag-anak dahil sa sunog ng kagubatan (wildfires) sa Maui. Makakatulong ba ang FEMA sa mga gastusin sa pagpapalibing?

S: Ang pagkawala ng mahal sa buhay ay matinding trahedyang sinusuri ng FEMA ang patakaran nito upang matiyak na ginagawa namin ang lahat ng aming makakaya para makatulong. Maaaring kabilang sa mga karapat-dapat na gastusin sa libing ang halaga ng kabaong o urn, mga serbisyo sa paglilibing at transportasyon ng namatay at/o hanggang dalawang miyembro ng pamilya sa lugar upang makilala ang inyong mahal sa buhay, kung kinakailangan iyon ng estado/lokal na awtoridad. Para humiling ng tulong sa libing, kailangan ninyo munang mag-apply sa FEMA. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-usap sa espesyalista sa FEMA sa anumang bukas na Disaster Recovery Center. (Maghanap ng isa dito sa: [fema.gov/drc](https://www.fema.gov/drc)) Maaari din ninyong tawagan ang **FEMA Helpline sa 800-621-3362**.



FEMA

T: Kung hindi ako mamamayan ng U.S., maaari bang mag-apply ang ibang tao sa aking sambahayan para sa tulong ng FEMA?

S: Oo. Upang maging kwalipikado para sa tulong mula sa FEMA's Individuals and Households Program, ikaw o ang imiyembro ng inyong sambahayan ay dapat na isang mamamayan ng U.S., hindi mamamayan ng U.S. na nasyonal o kwalipikadong dayuhan. Gayunpaman, ang mga hinid dokumentado na pamilya na may magkakaibang katayuan sa imigrasyon ay nangangailangan lamang ng isang miyembro ng pamilya na may numero ng Social Security para mag-apply. Ang miyembro ng pamilyang iyon ay maaaring isang menor de-edad na bata na isang mamamayan ng U.S., hindi mamamayan ng U.S. na nasyonal., o isang kwalipikadong dayuhan.

- Ang menor de-edad na bata ay dapat na nakatira sa magulang o tagapag-alaga na nag-a-apply para sa kanila. Ang magulang o tagapag-alaga ay hindi kailangang magbigay ng anumang impormasyon tungkol sa kanilang sariling katayuan sa imigrasyon o mag-sign ng anumang mga dokumento tungkol sa kanilang sariling katayuan.
- Ang isang kwalipikadong dayuhan ay legal na termino na ang mga kahulugan nito ay isang legal na permanenteng residente o may hawak ng "green card"; isang taong tinanggap bilang isang refugee; isang taong pinagkalooban ng asylum; isang tao na ang pagpapaalis sa bansa ay pinigil; isang taong may hawak na "T" o "U" visa; o mga taong binigyan ng katayuan bilang mga Cuban at Haitian entrants.
- Lahat ng aming mga disaster recovery centers ay ligtas na lugar para sa lahat upang makakuha ng tulong, anuman ang inyong katayuan sa imigrasyon.

T: Bakit ako pinapapunta ng FEMA sa US Small Business Administration para sa isang pautang (loan)?

S: Ang mga pautang ng SBA ay ang pinakamalaking pinagkukunan ng pederal na pagpopondo sa kalamidad para sa mga taong naapektuhan ng mga sakuna. Ang mga pautang sa kalamidad na may mababang interes ay maaaring magamit upang sakupin ang mga nawala na hindi ganap na nabayaran ng insurance o iba pang mga mapagkukunan. Ang pagkumpleto ng pag-utang sa SBA ay mahalagang bahagi ng proseso. Kung hindi ma-aprubahan ng SBA ang iyong aplikasyon para sa pautang, maaari kayong i-refer ng SBA sa Other Needs Assistance program ng FEMA para sa posibleng karagdagang tulong. Ang hindi



FEMA

pagsumite ng aplikasyon ay maaaring hindi kayo maging karapat-dapat sa iba pang tulong na inaalok ng FEMA para sa mga pagpapaayos ng sasakyan na nauugnay sa kalamidad, mga mahahalagang gamit sa sambahayan at mga kinakailangang gastos na nauugnay sa kalamidad.

T: Makakaapekto ba ang tulong sa kalamidad ng FEMA sa aking mga nakukuhang bayad sa Social Security o iba pang benepisyo ng gobyerno?

S: Hindi. Ang tulong ng FEMA ay walang buwis at hindi nakakaapekto sa Social Security, Medicare o Medicaid. Ang tulong ng FEMA ay hindi nakakaapekto sa Supplemental Nutrition Assistance Program, o SNAP, mga benepisyo; o iba pang mga pederal na programa sa kapakanan at karapatan.

T: Paano ako magiging kwalipikado para sa \$700 na pagbabayad na iniaalok ng FEMA sa mga nakaligtas sa sunog?

S: Ang FEMA ay maaaring magbigay ng tulong pinansyal sa ilalim ng programang Other Needs Assistance sa mga aplikante na may agarang o kritikal na pangangailangan. Ang Critical Needs Assistance ay limitado sa isang beses na pagbabayad na \$700 bawat sambahayan. Marahil ay nawalay kayo sa inyong pangunahing tirahan o kailangan ninyo ng tulong upang lumipat mula sa inyong pangunahing tirahan bago ang sakuna sa pansamantalang tirahan sa ibang lugar. Ang agaran o kritikal na mga pangangailangan ay nagliligtas ng buhay at nagpapanatili ng buhay at kasama dito, ngunit hindi limitado sa: tubig, pagkain, pangunang-lunas (first-aid), mga reseta, formula ng sanggol, diapers, mga magagamit na supply sa medikal, matibay na kagamitan sa medikal, mga personal na gamit sa kalinisan, at gasolina para sa transportasyon.

T: Ako ay nangungupahan. Maaari ba akong makakuha ng tulong mula sa FEMA?

S: Oo. Ang mga umuupa at ang kanilang bahay at ari-arian ay nasira ng mga sunog sa kagubatan (wildfires) ay maaaring mag-apply para sa pederal na tulong. Ang pondo ng FEMA ay makakatulong sa pagbabayad para sa pansamantalang pabahay. Ang mga nangungupahan ay maaaring maging kwalipikado rin para sa pagpopondo upang palitan o ayusin ang kinakailangang personal na ari-arian tulad ng sasakyan, muwebles, kagamitan, damit, medikal/dental na pangangailangan na dulot ng sakuna, mga aklat o mga gamit sa paaralan.



FEMA

Page 4 of 5

T: Ang Ingles ay hindi ang aking katutubong wika. Mayroon bang sinuman sa FEMA na nagsasalita ng aking wika?

S: Oo. Ang **FEMA Helpline sa 800-621-3362** ay may mga kawani 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo, na may mga espesyalista na nagsasalita ng maraming wika. Kung gumagamit ka ng video relay service, captioned telephone service o iba pa, ibigay sa FEMA ang iyong numero para sa serbisyong iyon. Nag-aalok din ang FEMA ng mga libreng serbisyo upang matulungan ang mga nakaligtas na makipag-usap sa mga kawani ng FEMA sa telepono o sa mga Disaster Recovery Center. Ang personal na pagsasalin sa wikang senyas ay magagamit din sa mga recovery center kung hihilingin. Para makahanap ng recovery center, pumunta sa [fema.gov/drc](https://www.fema.gov/drc).

- Para makipag-usap sa isang Espanyol na operator sa **FEMA Helpline**, pindutin ang 2. Para sa isang tagapagsalin na nagsasalita ng iyong wika, pindutin ang 3.

Para sa pinakabagong impormasyon sa pagbangon mula sa sunog sa kagubatan (wildfire) sa Maui, bisitahin ang [mauicounty.gov](https://www.mauicounty.gov) at [fema.gov/disaster/4724](https://www.fema.gov/disaster/4724). I-follow ang [@FEMARegion9](https://twitter.com/FEMARegion9) sa Twitter at sa [facebook.com/fema](https://www.facebook.com/fema).

